

Mga Tanong ng Mga Estudyante

Mga Kard ng Pag-uusap para sa Pagbuo ng Tiwala

Layunin: Ang layunin ng mapagkukunan na ito ay upang magkaroon ng mga ideya para sa mga tanong na maaaring gamitin ng mga guro sa mga nag-aaral ng maraming wika upang makatulong na bumuo ng tiwala at mga ugnayan ng pakikipagtulungan sa kanila. Hindi ito isang komprehensibong listahan ng mga tanong kundi isang listahan ng mga ideya. Inilaan ang mga tanong upang magamit sa Template ng Kard ng Pag-uusap ng WIDA (WIDA Conversation Card Template).

Mga Tagubilin: Pumili ng ilang tanong na angkop sa iyong konteksto o gumawa ng sarili mong tanong. Hindi mo kailangang gamitin ang lahat ng tanong. Isulat ang mga tanong na gusto mong gamitin sa Template ng Kard ng Pag-uusap, at pagkatapos ay i-print ang mga ito para sa iyong pag-uusap. Halimbawa, maaaring gamitin ang mga kard ng pag-uusap sa panahon ng isang pagpupulong sa umaga, homeroom, pag-uusap sa silid-aralan, open house, pagbisita sa bahay, o iba pang pormal o impormal na kaganapan o pag-uusap.

Mga Pagsasaalang-alang para Gamitin sa Mga Estudyante, Pamilya, at Miyembro ng Komunidad

- **Kasalukuyang antas ng pagtitiwala:** Isaalang-alang kung gaano kalaki ang inyong ugnayan habang ginagamit at ibinabahagi mo ang mga kard ng pag-uusap. Ang pagpipilit ng format na tanong-at-sagot sa maagang pakikipag-ugnayan sa mga estudyante, pamilya, at miyembro ng komunidad ay maaaring hindi sadyang lumikha ng presyon, kung saan nagiging dahilan ito para hindi sila maging kumportable sa halip na makaramdam na sinusuportahan sila.
- **Nangyayari ang pagtitiwala sa iba't ibang paraan:** Isaalang-alang ang maliliit na kilos na nagpaparamdam sa mga estudyante, pamilya, at miyembro ng komunidad na nagsasalita ng maraming wika na sila ay tinatanggap at pinahahalagahan. Gumamit ng mga simpleng pagbati sa kanilang sariling mga wika. Ibahagi ang sarili mong mga karanasan kung nag-aaral ka ng Ingles o migrante; ipakita ng pagiging mapagkumbaba, kahalagahan sa mga wika ng mga pamilya, at isang paninidigan sa pag-aaral kung wala sa dalawa. Makakatulong ito sa pagbuo ng empatiya at pagiging relatable. Kahit na ang maliliit na pagsisikap ay maaaring maging malaking tulong sa pagpaparamdam sa kanila na sila ay nakikita.
- **Nangyayari ang pagtitiwala sa paglipas ng panahon:** Ipakita na ikaw ay bukas at magiliw, at pinahahalagahan ang mga estudyante, pamilya, at miyembro ng komunidad na nagsasalita ng maraming wika sa pamamagitan ng maraming pakikipag-ugnayan. Nangangahulugan ito ng pakikinig sa kanilang mga kuwento at pangangailangan, pagtugon sa kanilang feedback at mga ideya, pagkonekta sa mga lugar na gusto nila, at pag-aalok ng mga oportunidad sa pakikipagtulungan. Gawing isang patuloy na gawi ang pagbuo ng ugnayan.

Mga Tanong para Gamitin ng Mga Guro sa Mga Estudyante

Pagsisimula ng Pagbuo ng Ugnayan

1. Mangyaring magbahagi ng kaunti tungkol sa iyong sarili.
 - a. Anong uri ng mga bagay ang gusto mong gawin?
 - b. Ano ang talagang ipinagmamalaki o kinasasabikan mo ngayon?
2. Mangyaring magbahagi ng kaunti tungkol sa iyong pamilya at komunidad.
 - a. Ano ang nagpapa-espesyal ng iyong pamilya o komunidad para sa iyo?
3. Maaari mo bang sabihin sa akin ang tungkol sa mga wikang ginagamit mo (sa bahay, sa komunidad, at sa paaralan)?
 - a. Ano ang nagustuhan mo tungkol sa pagsasalita ng higit sa isang wika? Paano nakatutulong sa iyo ang pagsasalita ng higit sa isang wika? May mahirap ba tungkol dito?
 - b. Paano mo ginagamit ang iyong (mga) wikang ginagamit sa bahay sa paaralan?
4. Maaari mo bang sabihin sa akin ang tungkol sa iyong paaralan?
 - a. Ano ang nagustuhan mo sa paaralan? Ano ang paborito mong subject? Bakit?
 - b. Ano ang mahirap? Ano ang makakatulong sa iyo kapag may isang mahirap na bagay?
 - c. Anong uri ng mga bagay ang nagpaparamdam sa iyo na malugod kang tinatanggap sa iyong klase o paaralan?
 - d. Paano isinasali ng paaralan o ng iyong mga guro ang iyong background sa wika, background sa kultura, o buhay pampamilya sa iyong mga klase at paaralan?
 - e. Nagkaroon ka ba ng isang negatibong karanasan sa paaralan na may kaugnayan sa iyong wika, kultura, o buhay pampamilya? Paano kami makakatulong na matiyak na hindi na ito mangyayaring muli?
5. Ilarawan ang iyong perpektong silid-aralan o paaralan. Ano kaya ang hitsura o tunog nito?

Patuloy na Pagbuo ng Ugnayan

1. Kumusta ang mga bagay-bagay kay ____? (Tandaan ang isang partikular na bagay na tinalakay mo sa nakaraan.)
2. Mayroon bang bagong bagay na gusto mong pag-usapan kay ____? (Tandaan ang isang partikular na bagay na napag-usapan ninyo sa nakaraan.)
3. Paano ko pa kayo masusuportahan?